# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 7
## Ikalawang Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikalawang Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan 1

## Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

**Aralin 1: Alamat – Alamat ng Baysay**

**A. Panimula**

**Pangkatang Gawain**

Pagpangkatin ang mga mag-aaral at magpaguhit sa bawat pangkat ng simbolo o larawan na maiuugnay sa mga probinsiya sa Visayas. Ipaulat sa klase ang ginawang gawain.

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang **alamat** ay pasalitang anyo ng panitikan na nagsimula pa noong panahon ng katutubo. Layunin ng panitikang ito na ipaliwanag sa pamamagitan ng pagsasalaysay ang pinagmulan ng mga bagay, lugar, hayop, o pangyayari. Dahil ito ay nabibilang sa piksyon, ang mga pangyayari ay hango sa mga di-kapani-paniwalang pangyayari at walang basehang siyentipiko o pag-aaral.

Magsasagawa ng dugtungang pagbabasa, iangkop ang boses base sa karakter ng alamat.

**Ang Alamat ng Baysay**

(Bahagi ng *The Beautiful Bungangsakit*)

Salin ni Reynaldo S. Reyes

Mula sa "*The Legend*" by Damiana L. Eugenio, UP Press

Dahil sa ipinakitang kalupitan ng mga tulisang-dagat, ang mga naninirahan sa Balud, sa pangunguna ng mga misyonerong Heswita, ay nagtungo sa Binongtoan, isa sa kalapit na nayon. Doon ay nagsimula silang bumuo ng panibagong nayon at matatag na *kuta* na yari sa mga batong adobe. Pinatatag nila ang kanilang nayon. Naglagay sila ng mga pamigil na harang laban sa marahas na pananalakay ng mga tulisang-dagat. Ang mga tagapamuno ng Binongtoan ay sina

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisusulat ng mag-aaral ang sariling awiting-bayan gamit ang wika ng kabataan.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naihahayag ang nakikitang mensahe ng napakinggang alamat.
2. Naihahambing ang binasang alamat sa napanood na alamat ayon sa mga elemento nito.
3. Nahihikayat na pahalagahan ang aral na nakapaloob sa binasang alamat.
4. Naisusulat ang isang alamat sa anyong komiks.
5. Nagagamit nang maayos ang mga pahayag sa paghahambing (higit/mas, di-gasino, at iba pa).

Ambrocio Makarumpag, Francisco Karanguing, Juan Katindoy, at Tomas Makahilig. Sa pagpupulong ng mga tagapamuno na dinaluhan ng mga misyonerong Heswita, sila'y nagkasundo na pangalanan ang lugar na *Baysay* na may kahulugang "maganda" bilang parangal at sa alaala ng kanilang magandang si Bungangsakit.

Samantala, ang mga taga-Omit na nakasalamuha ni Bungangsakit nang kanyang kabataan ay hindi sumama sa pagtatatag ng bayan ng Baysay. Sa halip, sila'y nagkaisa at *nagtatag* ng kanilang sariling barangay na pinangalanang Guibaysayi, na may kahulugang "Ang Pinakamaganda" bilang pagbibigay parangal din sa kagandahan ng kanilang si Bungangsakit. Ang mga naninirahan sa Baysay ay nagtatag ng pangkat ng mga tagapagtanggol na binubuo ng matatapang na kalalakihan sa kanilang lugar na pinamumunuan ni Katindoy, isang matapang na mandirigma. Batid nilang ang mga tulisang-dagat ay muling babalik kaya't nagtayo sila ng kuta na yari sa matitigas na bato sa Bungal na matatagpuan sa *bukana* ng ilog. Sa kutang ito magtitipon ang matatapang na tagapagtanggol ni Katindoy upang planuhin ang kanilang mga gagawing depensa laban sa mga tulisang-dagat at upang mamatyagan ang paparating na mga vinta.

Noong 1832, ang ilang piling lugar sa Bungal ay inihanda para sa pagtatayo ng Simbahang Katoliko ng mga Heswita. Subalit sa kakapusang-palad, ang walo-walo ay dumating at sinalanta ang buong kuta. Ang walo-walo ay walong araw na walang tigil na pag-ulan nang malakas na may kasamang malalakas na hangin. Pagkalipas ng ilang araw, dumaan pa ang napakalakas at nagngangalit na bagyo sa lugar na kumitil sa napakaraming buhay at sumira ng napakaraming ari-arian. Sapagkat walang matirahan ang sinalanta ng bagyo, ang mga natirang buhay na naninirahan sa Baysay ay nagpasyang muling kumilos upang humanap ng lugar na may mga burol na magsisilbing pananggalang sa malalakas na hangin. Napili nila ang kasalukuyang kinalalagyan ng bayan ng Baysay. Malapit sa lugar na ito ay matatagpuan ang mga burol. Isa sa mga ito ay tinayuan ng mga katutubo ng mataas na tore. Mula sa tore ay matatanaw ang paparating na mga *vinta* at ang mga burol ay maaaring mapaglikasan sa mga panahon ng pagbaha at *kublihan* kapag may malalakas na bagyo.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipasulat sa kuwaderno ng mga mag-aaral ang mga salitang italisado sa akdang binasa at sikaping magbigay ng mga kahulugan nito ayon sa pagkakagamit sa pangungusap.

**3. Kasanayang Panggramatika**

Ang **pahambing na magkatulad** ay naghahambing ng dalawang bagay na may parehong timbang o kalidad, ginagamitan ito ng mga salitang pareho, tulad, gaya ng, kamukha ng, kapareho, at iba pa.

Ang **pahambing na di-magkatulad** ay may dalawang uri. Ito ay ang **palamang** at **pasahol**. Ang **palamang** ay may higit na positibong katangian ang inihahambing sa bagay na pinaghahambing. Naipakikita ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang lalo, higit, di-hamak, mas, at iba pa.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Pasahol** ay may higit na negatibong katangian ang inihahambing sa pinaghahambingan. Gumagamit dito ng di-gaano, di-gasino, at di-masyado.

**4. Pagpapayaman**

A. Mga Tanong:

1. Bakit nagtatag ng matibay na depensa ang mga naninirahan sa Balud?
2. Ano-anong mga pag-unlad ang naganap sa mga mamamayan sa kuwento?
3. Bakit hindi naging matagumpay ang pagtatayo ng Simbahang Katoliko sa kanilang lugar?
4. Paano nakakayanan ng mga mamamayan ang mga pagsubok na dumarating sa kanila?

B. Mula sa nabanggit na katangian ng alamat, isa-isahin ang mga kapani-paniwala at di-kapani-paniwalang mga pangyayari sa binasang akda.

| Kapani-paniwala | Di-kapani-paniwala |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

**5. Pagpapalawig**

**Pangkatang Gawain**

Ihambing ang binasang *Alamat ng Baysay* sa iba pang mga alamat na nabasa. Gumamit ng limang pangungusap na may pahambing na magkatulad at limang pangungusap para sa pahambing na di-magkatulad.

**C. Kongklusyon**

Pumili ng isang alamat na naibigan ninyo. Basahin ito at gawan ng isang komiks. Maaaring sa *computer* o guhit mula sa kamay ang gagawing komiks.

**Takdang Aralin**

Itala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng alamat sa epiko at dula.

| Panitikan | Pagkakatulad | Pagkakaiba |
|---|---|---|
| *Alamat* | | |
| *Epiko* | | |
| *Dula* | | |

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**


# Ikalawang Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan 2

## Panitikang Bisaya: Hudhud: Ang Kuwento ni Aliguyon

### Aralin 2: Epiko – Hudhud: Ang Kuwento ni Aliguyon

**A. Panimula**

Itanong sa mga mag-aaral kung napanood na nila ang pelikulang nasa ibaba. Hayaang magbigay ng detalye ang mga mag-aaral ukol sa pelikulang ito.




**B. Katawan**

Magsagawa sa klase ng pangkatang pagbabasa. Salit-salitang babasahin ng bawat pangkat ang bawat talata.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisusulat ng mag-aaral ang sariling awiting-bayan gamit ang wika ng kabataan.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mahahalagang detalye sa napakinggang teksto tungkol sa epiko sa Kabisayaan.
2. Nailalarawan ang mga natatanging aspektong pangkultura na nagbibigay-hugis sa panitikan ng Kabisayaan (Halimbawa: heograpiya, uri ng pamumuhay, at iba pa).
3. Naipaliliwanag ang pinagmulan ng salita.
4. Naisasagawa ang isahan/pangkatang pagsasalaysay ng isang pangyayari sa kasalukuyan na may pagkakatulad sa mga pangyayari sa epiko.

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang **epiko** ay uri ng panitikan na tumatalakay sa mga kabayanihan at pakikipagtunggali ng isang tao o mga tao laban sa mga kaaway na halos hindi mapaniwalaan dahil may mga tagpuang makababalaghan at di-kapani-paniwala. Kuwento ito ng kabayanihan na punung-puno ng mga kagila-gilalas na mga pangyayari. Bawat pangkatin ng mga Pilipino ay may maipagmamalaking epiko.

**Epiko ni Aliguyon**

Sa mga hinagdang taniman sa bulubundukin naninirahan si Aliguyon, isang mandirigmang Ifugao na mabilis at magaling sa paghawak ng sibat. Anak siya ni Antalan, isa ring mandirigma. Maagang natuto ng pakikipaglaban si Aliguyon sa tulong ng kanyang ama. Ang unang larangan ng digma ni Aliguyon ay ang matitigas na lupa sa tabi ng kanilang tahanan. Ang unang sandata niya ay ang trumpo at ang mga unang kalaban niya sa larong ito ay ang mga bata rin sa kanilang pook. Kapag pinawalan ni Aliguyon ang kanyang trumpo, matining na matining na iikot ito sa lupa o kapag inilaban niya ito sa ibang trumpo, tiyak na babagsak na biyak ang laruan ng kanyang kalaban.

Tinuruan din siya ng kanyang ama ng iba't ibang karunungan: umawit ng buhay ng matapang na mandirigma, manalangin sa Bathala ng mga mandirigmang ito, at matutuhan ang mga makapangyarihang salita sa inusal ng mga pari noong unang panahon.

Ikinintal ni Amtalan sa isip at damdamin ng anak ang katapangan at kagitingan ng loob. Talagang inihanda ng ama si Aliguyon upang maipaghiganti siya ng anak sa matagal na niyang kaaway, kay Pangaiwan ng kabilang nayon. Nang handang-handa na si Aliguyon, nagsama siya ng iba pang mandirigma ng kanilang nayon at hinanap nila ang kalaban ni Antalan. Subalit hindi si Pangaiwan ang natagpuan nila kundi si Dinoyagan, ang anak na lalaki nito. Mahusay din siyang mandirigma, tulad ni Aliguyon.

5. Naisusulat ang isang tekstong naglalahad tungkol sa pagpapahalaga ng mga taga-Bisaya sa kinagisnang kultura.
6. Nagagamit nang maayos ang mga pang-ugnay sa paglalahad (una, ikalawa, halimbawa, at iba pa).



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Inihanda rin siya ng kanyang ama sa pakikipaglaban upang maipaghiganti siya ng anak sa kalaban niyang si Antalan.

Kaya anak sa anak ang nagtagpo. Kapwa sila matatapang, kapwa magagaling sa pakikipaglaban lalo na sa paghawak ng sibat.

Itataas ni Aliguyon ang kanyang sibat. Nangingintab ito lalo na kung tinatamaan ng sikat ng araw. Paiikutin ang sibat sa itaas saka mabilis ang kamay ng binatang kalaban. Aabangan ng matipunong kanan ang sibat na balak itimo sa kanyang dibdib.

Tila kidlat na paroo't parito ang sibat. Maririnig na lamang ang haging nito at nagmistulang awit sa hangin.

Nanonood ang mga dalagang taga-nayon at sinusundan ng mga mata ang humahanging sibat. "Saksakin mo siya, Dinoyagan!"

Sasawayin sila ng binata, "Kasinggaling ko siya sa labanang ito."

Araw-araw ay nagpatuloy ang kanilang laban hanggang sa ito'y inabot ng linggo, ng buwan. Kung saan-saan sila nakarating. Nagpalipat-lipat ng pook, palundag-lundag, patalon-talon sa mga taniman.

Namumunga na ang mga palay na nagsisimula pa lamang sumibol nang simulan nila ang labanan. Inabot ng taon hanggang sa sila'y lubusang huminto ng pakuluan ang sibat. Walang nasugatan sa kanila. Walang natalo.

Naglapit ang dalawang mandirigma. Nagyakap at nagkamayan, tanda ng pagkakaibigan at pagkakapatiran. Dakila si Aliguyon. Dakila si Dinoyagan. Ipinangako nilang sa oras ding iyon na lilimutin na ang alitan ng kanilang mga ama. Nagdiwang ang lahat.

Sa kani-kanilang nayon, tinuruan nina Aliguyon at Dinoyagan ang mga tao tungkol sa marangal na pamumuhay, karangalan, at katapangan ng mga mandirigma, at pagmamahal at pagmamalasakit sa Inang Bayan. Kahit na sila'y pumanaw, binuhay ng mga Ifugao ang kanilang kadakilaan. Inaawit ang kanilang katapangan. Hindi mawawala sa puso at kasaysayan ng mga Ifugao ang kagitingan ng dalawang mandirigma. Nagpasalin-salin sa mga lahi ng Ifugao, ng mga Pilipino ang dakilang pamana ng mga dakilang mandirigma.

Lalong nagkalapit ang damdamin ng dalawang mandirigma nang mapangasawa si Aliguyon si Bugan, ang kapatid ni Dinoyagan at nang maging kabiyak ng dibdib ni Dinoyagan ang kapatid ni Aliguyon. Nanirahan sila sa kani-kanilang nayon. Doon sila namuhay nang maligaya. Doon lumaki ang kani-kanilang mga supling.

Kung may pista o anumang pagdiriwang sa kanilang nayon, buong kasiyahang pinanonood ng mga taga-nayon ang dalawa lalo na kung sila'y sumasayaw. Kung mahusay sila sa pakikidigma ay mahusay din sila sa pagsasayaw. Lumulundag sila at pumailanlang na parang maririkit na agila.

2. **Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Nakapaloob sa "pagpapalawig" bilang pangkatang gawain. (Pangkat 1)

3. **Kasanayang Panggramatika**

Nakapaloob sa "pagpapalawig" bilang pangkatang gawain (Pangkat 2)

Mga pang-ugnay sa paglalahad:

Una, Ikalawa, Halimbawa, Pagkatapos nito, Sumunod nito, Dagdag pa rito, at iba pa.


4. **Pagpapayaman**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga gawain.

A. Mga Tanong:

1. Ano-anong katangian ang nakita kay Aliguyon noong siya ay bata pa lamang?
2. Bakit inihahanda si Aliguyon ng kanyang ama sa pakikidigma?
3. Isalaysay ang naganap na labanan nina Aliguyon at Dinoyagan.
4. Paano natapos o natigil ang labanan ng dalawa?
5. Ano ang naging pakikitungo sa isa't isa ng dalawang mandirigma matapos ang labanan?

B. Gamit ang *Venn diagram*, tukuyin ang pagkakapareho at pagkakaiba nina Aliguyon at Dinoyagan.




5. **Pagpapalawig**

**Pangkatang Gawain**

**Pangkat 1** : Kumuha ng mga salitang maylapi sa kuwento at kunin ang kahulugan nito batay sa salitang-ugat ng bawat salitang napili.

**Pangkat 2** : Magbanggit ng mga pangyayari sa kasalukuyan na nagpapakita ng hidwaan sa pagitan ng mga angkan o ang konsepto ng karibal sa lipunan o pulitika.

**Pangkat 3** : Muling isalaysay ang buod ng epiko sa pamamagitan ng *story map*.

**Pangkat 4** : Gumawa ng isang islogan tungkol sa pagpapahalaga ng mga epiko sa mga katutubo.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

C. **Kongklusyon**

**Pangkatang Gawain**

Paggawa ng komik istrip. Gawan ng mga *dialogue box* ng komiks ang banghay ng Epiko ni Aliguyon na matatalaga sa bawat pangkat.

**Pangkat 1** : Paglalarawan sa Tauhan at Tagpuan

**Pangkat 2** : Unang Misyon, Unang Bahagi ng Pakikipaglaban

**Pangkat 3** : Pagpapatuloy ng Labanan (Makipag-usap sa pangkat 2 para sa hatian ng eksena)

**Pangkat 4** : Pagwawakas at Aral

**Takdang Aralin**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain sa pagsulat na ito.

Gumawa ng isang salaysay tungkol sa hindi malilimutang pangyayari sa buhay. Gumamit ng mga salitang nag-uugnay sa paglalahad (una, ikalawa, halimbawa, at iba pa). Salungguhitan ang mga ito sa iyong sulatin. Ang salaysay ay dapat may mga pangungusap na hindi bababa sa lima bawat talata. Dapat din ay hindi ito bababa sa tatlong talata.

| **Kraytirya** | **1 – Hindi naisakatuparan** | **2 – Naisakatuparan ngunit mas lamang ang mga pagkakamali** | **3 – Naisakatuparan ngunit may mga minimal na pagkakamali** | **4 – Naging mahusay at konsistent** |
|---|---|---|---|---|
| Nasunod ang mga panuntunang inilahad ng guro. | | | | |
| Natalakay nang may kaisahan ang ibinigay na paksa o tema. | | | | |
| Nagamit ang kasanayan sa gramatikang pinag-aralan. | | | | |
| Naging kawili-wili at nakaeengganyong basahin ang buong sulatin. | | | | |
| Sumunod sa tamang gamit ng mga bantas, espasyo, ispeling, at pagbuo ng talata. | | | | |
| | | | **Kabuuan =** | **/20 aytems** |


# Ikalawang Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan 3

## Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

**Aralin 3: Maikling Kuwento – Paalam sa Pagkabata**

**A. Panimula**

Sumulat ng mga salitang maiiugnay mo sa iyong pagkabata.




**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang **maikling kuwento** ay isang anyo ng tuluyang panitikan na may banghay na kinasasangkutan ng ilang mga tauhan at kadalasang umiikot sa isang suliranin.

**Banghay ng Maikling Kuwento:**

a. **Simula** – Paglalahad o paglalarawan sa tauhan, tagpuan, o maaaring mailahad agad ang suliranin.

b. **Suliranin** – Ang nagsisilbing dugo ng bawat kuwento. Ito ang nagpapadaloy at nagbibigay ng interes sa istorya.

c. **Papataas na Aksyon** – Dito nagaganap ang pag-usbong ng suliranin. Isinasaad ang mga nagiging reaksyon o hakbang ng mga tauhan sa inilahad na suliranin.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisusulat ng mag-aaral ang sariling awiting-bayan gamit ang wika ng kabataan.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nasusuri ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa napakinggang kuwento.
2. Nailalahad ang mga elemento ng maikling kuwento ng Kabisayaan.
3. Nabibigyang kahulugan ang mga salitang ginamit sa kuwento batay sa:
   a. Kontekstuwal na pahiwatig, at
   b. Denotasyon at konotasyon.
4. Naisasalaysay nang maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

d. **Kasukdulan** – Pinakamataas na bahagi ng kuwento. Masasabing dito sa bahaging ito ang pinakakapana-panabik na bahagi ng kuwento. May mga kuwentong ang kasukdulan ang nagiging wakas ng kuwento.

e. **Pababang Aksyon** – Dito makikita ang kakalasan. Sa kakalasan, sa mga kumbensyunal o tradisyonal na kuwento, madalas maglagay ng ganito ang mga manunulat. Dito binibigyang kasagutan ang suliraning inilahad sa kuwento. Maaaring masagot sa bahaging ito ang lahat ng tanong na nasa isip ng mga mambabasa.

f. **Wakas** – Maaaring ang wakas ay masaya, malungkot, o nagbubukas sa iba pang ideya o tinatawag na *open-ended*.

**Pagbasa:** Umpisang basahin sa klase ang akda at tumawag ng mag-aaral na maaaring magpatuloy ng pagbabasa. Gumamit ng *background music* (*instrumental*) na angkop sa tema ng kuwento.

**Paalam sa Pagkabata**
**(KUWENTO/CEBUANO)**
Salin ni Nazareno D. Bas sa
"Panamilit sa Kabantanon" ni Santiago Pepito

Wala akong nakikitang pagbabago. Tulad nang nagdaang mga madaling-araw: ang ginaw, katahimikan, dilim – iyon din ang bumubuo ng daigdig ng aking kamalayan. Maraming bagay ang dapat mailarawan. Ngunit alam kong iisa lamang ang kahulugan ng mga iyon. Alam ko.

Sa kabilang silid, sa kuwarto nina Nanay at Tatay, naririnig ko ang pigil na paghikbi. Umiiyak na naman si Nanay. Ang sunud-sunod na paghikbi ay tila pandagdag sa kalungkutan ng daigdig. Napabuntong-hininga ako. Umiiling-iling. Hanggang ngayon hindi ko pa nakikita ang tunay na dahilan ng damdaming iyon na matagal nang umalipin sa kanya.

5. Naisusulat ang isang orihinal na akdang nagsasalaysay gamit ang mga element ng isang maikling kuwento.
6. Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay sa pagsasalaysay at pagsusunod-sunod ng mga pangyayari (isang araw, samantala, at iba pa).

Walang malinaw sa aking isipan. Mula sa aking pagkamulat, ang pagkainip ay kakambal ng aking buhay. Sa aking pag-iisa, di ko maiwasan ang pangarap na magkaroon ng batang kapatid na nag-aangkin ng mabangong hininga at taglay ang ngiti ng isang anghel. Ngunit ang damdamin ko'y tila tigang na lupang pinagkaitan ng ulan.

Maliwanag na ang silangan nang ako'y bumangon. May bago na namang umaga. Ngunit ang tanawin sa bahay ay walang pagbabago. Tulad ng dati, nakikita ko si Nanay na nakaupo at nag-iisip sa may hagdanan. Nakatitig siya sa sampayan ng lambat ni Tatay at madalas ang kanyang pagbubuntong-hininga.

Matagal ko nang nakikita ang sampay na lambat. Ngunit hindi ko nakikitang ito'y ginagamit ni Tatay. Noon ay walang halaga ito sa akin. Nagsimula ang pagpansin ko sa lambat noong ito'y itinapon ni Nanay mga dalawang taon na ang nakakaraan. Galit na galit si Tatay sa ginawa ni Nanay. Pinagbuhatan ni Tatay ng kamay si Nanay. Pagkatapos, ipinabalik kay Nanay ang lambat sa sampayan.

"Hanggang ngayon ba'y hindi ka pa nakakalimot, Tomas? Alam ng Diyos na wala akong kasalanan. Ang kanyang ginawa ang siya mong ginagawa tuwing ikaw ay darating sa madaling-araw. Ang kanyang amoy ay siya ring amoy na galing sa dagat. Magkatulad ang inyong ikinikilos. Sino ang hindi mag-aakala na siya ay hindi ikaw? Huli na nang malaman ko ang katotohanan. Huli na nang siya ay aking makilala. Totoong lumigaw siya sa akin. At mula noon ay alam mo iyon. Ikaw ang aking iniibig, Tomas. Kailan mo pa malilimutan ang nangyari?"

Tuluyang umiyak si Nanay. Umungol lamang si Tatay. Nanlilisik ang mga matang tumingin sa lambat at pagkatapos ay bumaling sa akin. May ibig sabihin ang tingin niyang nag-aapoy. Maliban sa takot na aking nararamdaman ay wala akong naintindihan sa pangyayaring iyon.

Mula noon ay hindi na ginalaw ni Nanay ang lambat. Naluma na ito ngunit buong-buo pa rin sa aking paningin. Buong-buo pa rin sa paningin ni Nanay. Ano kaya ang misteryong napapaloob sa lambat na iyon? Alam kong alam ni Nanay ang hindi ko nalalaman. At kailangang malaman ko ito. May karapatan akong makaalam.

Nilapitan ko si Nanay na malalim pa rin ang iniisip. Hinalikan ko ang kanyang kamay. May ibig akong itanong tungkol sa misteryo ng lambat. Ngunit nauntol ang ibig kong sabihin nang magpatuloy ang kanyang pagluha.

"Lakad na Celso, malapit nang dumating ang Tatay mo."

Sa labasan, sumalubong sa akin ang bagong araw. Tumingin ako. Maliwanag ang langit. Langit? May gumugulo sa aking kalooban. Kalawakan. Iyan ang sabi ng aking guro sa ikaapat na baitang ng primarya. Iyan ay hindi langit kundi hangganan lamang ng pananaw ng tao. Ang langit ay nasa tao. Hindi nakikita. Hindi nahihipo. Hindi naaabot. Naabot na kaya ni Nanay ang langit?

"Ano pa ang hinihintay mo, Celso?"

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Ipinahid ko sa mukha ang suot kong sando. Humakbang pagkatapos. Maya-maya'y tumakbo na ako ng matulin.

Nasa dalampasigan ang mamimili ng isdang dala ng mga bangkang galing sa laot. Masasaya silang nagkukuwentuhan habang hinihintay ang mga mangingisda. Sumalampak ako sa buhangin, malapit sa kinauupuan ng dalawang lalaking may katandaan na. Sa laot ako nakatingin at pinagmamasdan ang galaw ng mga alon na pandagdag sa kagandahan ng kalikasan.

Napalingon ako nang makarinig ng tugtog ng gitara mula sa di-kalayuang bahay-pawid. At sabay kong narinig ang malungkot na awiting nagsasaad ng kasawian sa pag-ibig. At muli na namang naantig ang aking damdamin. Habang pinakikinggan ko ang malungkot na kundimang umalingawngaw ang mahinang pag-uusap ng dalawang lalaki sa tabi ko.

"Naririyan na naman siya."

"Talagang pambihira ang kanyang pagmamahal. Naniniwala akong nagpapatuloy ang kanyang pangarap habang di pa namamatay ang babae sa kanyang buhay. Hindi nawawala ang kanyang pag-asa. Kung kailan natutupad ang kanyang pangarap Diyos lamang ang nakakaalam."

Dinig na dinig ko ang mga kataga habang nagpapatuloy ang malungkot na kundimang naging bahagi na ng aking buhay. Tumayo ako at ibinaling ang paningin sa bahay-pawid sa lilim ng kaniyugan. Patuloy ang awitin. Humakbang ako ngunit biglang napatigil sa harap ng dalawang lalaking may katandaan na. Naalala ko ang sabi ni Tatay. Bawal pumunta sa bahay-pawid na iyon. Mahigpit ang utos ni Tatay. Nagbabanta ng parusa.

Lumingon ako sa laot. Nasa malayo ang mga bangka ng mga mangingisda. Bumaling ako sa pinanggalingan ng awit na ngayo'y gumaganda sa aking pandinig. At para akong hinihila. Nakalimutan ko ang ipinagbabawal ni Tatay. Mabilis ang aking paglakad at sa ilang saglit kaharap ko na ang taong naggigitara at umaawit. May luha sa kanyang mga mata.

Tumitig siya sa akin. Inilapag ang gitara sa ibabaw ng papag na kinauupuan. Tumayo siya at dahan-dahang lumapit sa akin. Kinabahan ako. Umakma akong tumakbo ngunit nahawakan niya ang isa kong kamay. Nagpumiglas ako upang makawala sa kanyang pagyapos sa akin. Ngunit lalong humigpit ang kanyang pagyakap. Umiiyak ako.

Ngumiti siya at pinahid ang aking mga luha. Hinimas ang aking ulo. Unti-unting lumuwag ang aking paghinga. Nararamdaman ko ang kanyang pagmamahal nang tumingin ako sa kanya. Muli niya akong niyapos.

"Dalawin mo akong palagi, ha?"

Hindi ako kumibo. Tinitigan ko siya. Ang kanyang mga mata, ang ilong, ang labi-lahat parang nakita ko na. Saan? Alam ko na, sa salamin. Talagang siya ang nakita ko sa salamin na nakasabit sa dingding ng aming bahay.

Napatingin ako sa dalampasigan nang marinig ko ang hiyawan. Nagdatingan na pala ang mga bangka at nag-uunahan ang mga mamimili ng isda. Nagmadali akong tumakbo upang salubungin ang Tatay. Malayo pa ako ng makita ko siyang nakatayo sa may dinaungan ng kanyang bangka. Natanawan niya ako. Masama ang titig niya sa akin. Galit. Kinabahan ako.

"Lapit rito, Celso!"

Malakas ang sigaw ni Tatay. Nanginginig akong lumapit. At bigla akong sinampal.

"Di ko gusto ang batang matigas ang ulo! Di lang sampal ang matitikman mo kapag umulit ka pa. Hala, kunin mo ang mga isda at sumunod ka kaagad sa akin."

Habang naglalakad ay sinalat ko ang pisnging nakatikim ng sampal. Talagang mahirap intindihin si Tatay. Wala namang dahilan upang iwasan ko ang taong nasa bahay-pawid. Di naman dapat katakutan ang kanyang mukha at boses. Bakit kaya hinihigpitan ako ni Tatay?

Matapos akong mag-almusal, nandoon na naman si Tatay sa sampayan ng lambat. Nakatabako at nagtatagpi ng punit na bahagi ng lambat. Alam kong aabutin siya ng tanghali bago matapos ang kanyang gawain. Matapos makapananghali, siya'y matutulog. Pagkagising, maghahapunan. At di pa man ganap ang gabi, balik na naman sa dagat. Iyan ang buhay ni Tatay. At iyan ang bahagi ng aking buhay.

Sa aking kinauupuan sa may bintana, nakikita ko si Nanay na nakaupo sa may hagdanan. Tahimik at nakatingin na naman sa sampayan ng lambat. Luhaan na naman ang kanyang mga mata. At naalala ko ang pangyayari noong itinapon ni Nanay. Lahat may itinatagong kahulugan. At naalala ko ang nangyari kanina sa dalampasigan. Naalala ko iyong tao.

Lumapit ako sa salamin sa dingding. Pinagmasdan ko ang aking sarili. Nakita ko sa aking isipan ang mukha ng tao. Unti-unting lumiwanag ang aking kamalayan. Biglang kumulo ang aking dugo habang iniisip ang nakasampay na lambat. Nagdilim ang aking paningin. Nadama kong inihahanap ko ng katarungan ang aking kalagayan.

Nagpunta ako sa kisinaan. Hinanap ko ang itak ni Nanay na pangsibak ng kahoy. Bitbit ko ito at pinuntahan ang sampayan ng lambat. Pinagtataga ko ang lambat.

"Huwag, Celso!" saway ni Nanay na nanginginig ang boses. "Huwag!"

Naiiba sa aking pandinig ang pagsigaw ni Nanay. Pati si Tatay ay natigilan at nabigla sa aking ginawa ay hindi ko pinansin. Hinalibas ko ng itak ang lambat at saka lang ako tumigil nang ito'y magkagutay-gutay na at nagkalat sa aking paanan.

"Celso!"

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

Nag-aapoy ang mga mata ni Tatay na humarap sa akin. At sa unang pagkakataon ay hindi ko inalis ang aking tingin sa kanya. Nilabanan ko siya ng titigan. Di ako nagagalit kundi humihingi lamang ng pang-unawa. Ngunit bigla akong napatimbuwang nang matamaan ng malakas na suntok at napahiga sa pira-pirasong wasak na lambat.

Nahihilo ako, parang ibig himatayin. Umiikot ang aking paningin. Parang may nakita akong anino – si Tatay na sumusurot kay Nanay.

"Ngunit, Tomas," nagmamakaawa si Nanay. "Wala siyang kasalanan. Maawa ka sa kaniya."

"Pumanhik ka, Isidra!" singhal ni Tatay. "Pumanhik ka na habang ako'y nakapagpipigil pa."

Dahan-dahan akong bumangon at sumuray-suray na lumapit kay Tatay. Ngunit isang tadyak ang sumalubong sa akin. Napatihaya ako ngunit tinangka kong makatayo. Mabigat ang pakiramdam ko sa aking katawan at ako'y gumapang. Ngunit sinabunutan ako ni Tatay at iningungod sa lupa ang aking mukha. Humihingal ako ngunit di ko makuhang umiyak. Nasasalat ko ang magkahalong dugo at pawis sa aking pisngi.

Di ko pansin ang mga gasgas sa dalawang siko. Sa labis na panghihina'y umusad ako nang umusad. Hanggang sa nangangatog kong mga bisig ay yumapos sa mga binti ni Tatay. Naramdaman ko ang panlalamig ng katawan at ako ay napahandusay sa kanyang paanan.

Hindi ko na alam kung gaano katagal ang pagkawala ng aking malay. Naramdaman ko na lamang may maiinit na mga bisig na yumayakap sa akin. Kinusot ko ang aking mga mata. Sumalubong sa aking paningin ang maamong mukha ni Tatay. Pagsisisi. Pag-unawa. Lahat ay kasalungat sa dati niyang gawa. Lalong humigpit ang kanyang pagyakap at kinabig ang aking mukha sa kanyang dibdib sa tapat ng kanyang puso. Matagal.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Nakapaloob sa pangkatang gawain sa "Pagpapayaman" (Pangkat 1).

**3. Kasanayang Panggramatika**

Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari. Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 sa bawat patlang.

_________ 1. Isang beses ay nagtungo siya sa tabi ng dagat upang hintayin ang kanyang ama ngunit nahalina siya sa tunog ng naggigitara at pinuntahan niya ito. Nagulat siya dahil kamukha niya ang lalaking tumutugtog.

_________ 2. Nabigla ang mga magulang ni Celso sa kaniyang ginawa. Labis na nasaktan si Celso ng kanyang ama. Ngunit sa huli ay niyakap na lang niya si Celso bilang tanda ng pagtanggap.

_________ 3. Dumating ang kanyang ama at naabutan siya nitong nasa lugar na ipinagbabawal, nanlilisik ang mga mata ng ama ni Celso at siya ay napagbuhatan ng kamay.

_________ 4. Binababagabag si Celso ng mga katanungan niya sa buhay tungkol sa palaging pag-aaway ng kanyang mga magulang, lalo ang pag-iyak ng kanyang ina at ang lambat na ng kanyang ama.

_________ 5. Umuwi si Celso, humarap sa salamin, doon niya napagtanto ang lahat ng gumugulo sa kanyang isip. Kumuha siya ng itak at pinagtataga ang lambat ng kanyang ama.

Sagot:

1. 2
2. 5
3. 3
4. 1
5. 4

Hikayatin ang mga mag-aaral na pagdugtong-dugtungin ang mga pangungusap na sinagutan sa itaas gamit ang mga salitang nagpapahayag ng pagsasalaysay at pagsunod-sunod ng mga pangyayari.

Halimbawa: isang araw, samantala, sumunod nito, pagkatapos, at iba pa

Maaaring mag-isip ang mga mag-aaral ng mga salitang angkop na makapagdudugtong o makapaguugnay sa bawat salaysay.

**4. Pagpapayaman**

Magsagawa ng malayang talakayan tungkol sa binasang akda gamit ang mga katanungan sa ibaba.

Mga Tanong:

1. Ano ang madalas na bumabagabag kay Celso sa unang bahagi ng kuwento?
2. Ano marahil ang pinagtatalunan ng mag-asawang Tomas at Isidra?
3. Sino ang nakita ni Celso sa may bahay-pawid?
4. Ano ang natuklasan ni Celso sa harap ng salamin?
5. Bakit niya tinaga ang lambat ng kanyang ama?
6. Ano ang sinisimbolo ng pagyakap ng kanyang ama sa wakas ng kuwento?


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**5. Pagpapalawig**


**Pangkat 1 :** Pagkuha ng denotasyon at konotasyong kahulugan ng sumusunod:

a. Nag-aapoy ang mga mata ni Tatay na humarap sa akin. At sa unang pagkakataon ay hindi ko inalis ang aking tingin sa kanya.


b. Tinitigan ko siya. Ang kanyang mga mata, ang ilong, ang labi—lahat parang nakita ko na. Saan? Alam ko na, sa salamin.

c. Lahat ay kasalungat sa dati niyang gawa. Lalong humigpit ang kanyang pagyakap at kinabig ang aking mukha sa kanyang dibdib sa tapat ng kanyang puso. Matagal.

**Pangkat 2 :** Sa pamamagitan ng *story cline*, ibuod ang "Paalam sa Pagkabata."




**Pangkat 3 :** Paghambingin ang mga tauhan na sina Isidra, Tomas, at Celso gamit ang *Venn diagram*.




REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**Pangkat 4 :** Maglahad sa pamamagitan ng pagbabalita ng mga suliraning kinakaharap ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon.

**C. Kongklusyon**

Pagbuo ng *Dream Board* – Sa isang ¼ *illustration board,* gumawa ng *collage* ng mga iba't ibang larawan o bagay na magpapakita ng mga plano sa buhay. Magsisilbi itong *timeline* ng inyong pangarap sa buhay.




**Takdang Aralin**

Magsagawa ng gawain sa pagsulat sa mga mag-aaral.

Sumulat ng isang salaysay na naglalahad ng proseso o pagkakasunod-sunod sa pamamagitan ng paglalagay ng mga impormasyon sa bawat kahon. Maaaring pumili sa mga paksang: paglalaba, pagluluto, paghuhugas ng pinggan, o pagbabalik-aral.

Una, → Ikalawa, → Ikatlo, → Halimbawa, → Dagdag pa rito, → Sa huli,



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikalawang Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan 4

## Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

**Aralin 4 – Awiting Bayan**

**A. Panimula**

Tanungin ang gamit ng niyog sa araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

**B. Katawan**

Talakayin ang bahagi ng kasanayang pampanitikan.

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ang mga **awiting-bayan** ay mga awit ng mga Pilipinong ninuno at hanggang ngayon ay kinakanta o inaawit pa rin.

**Mga Uri ng Awiting-bayan:**

- Kundiman – awit ng pag-ibig
- Kumintang o Tagumpay – awit ng pandigma
- Dalit o Imno – awit sa diyos-diyosan ng mga Bisaya
- Oyayi o Hele – awit ng pagpapatulog ng bata
- Diona – awit sa kasal
- Suliranin – awit ng mga manggagawa
- Talindaw – awit sa pamamangka
- Dungaw – awit sa patay

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisusulat ng mag-aaral ang sariling awiting bayan gamit ang wika ng kabataan.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naipaliliwanag ang kaisipang nais iparating ng napakinggang awiting-bayan.
2. Nabubuo ang sariling paghahatol o pagmamatuwid sa ideyang nakapaloob sa akda na sumasalamin sa tradisyon ng mga Bisaya.
3. Naiuugnay ang kononatibong kahulugan ng salita sa mga pangyayaring nakaugalian sa isang lugar.
4. Naisasagawa ang dugtungang pagbuo ng awiting bayan.

**Unang Pagbasa** (Indibiduwal na pagbasa – *rap*)

Tatawagin ang isang boluntaryong mag-aaral para kantahin ang awiting-bayan ng Bisaya sa pamamagitan ng *rap*.

**Ang Niyog**

Itong puno'y ating kaibigan
Kasama tuwing mag-iinuman
Isakbat ang kawit, punuin ng tuba ay
Tuba, lamang ang tunay na kasiyahan

Ako, nanginginig, ako'y nanginginig
Sa gabing malamig hanap koy di banig
Nais ko'y piling mo, Inday  siya kong ibig
Itong katawan ko'y
Katulad ni Pedring na
Pabaling-baling

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Tanungin ang kononatibong kahulugan ng pariralang nasa ibaba batay sa gamit ng mga tao sa Kabisayaan.

a. Isakbat ang kawit

b. Punuin ang tuba

c. Ang tuba lamang ang tunay na kasiyahan

d. Itong katawan ko ay katulad ni Pedring na pabaling-baling

e. Sa gabing malamig hanap ko'y di banig

**3. Kasanayang Panggramatika**

Talakayin sa klase ang kasanayang panggramatika.

Ang wika ay nahahati sa iba't ibang kategorya sa antas na ginagamit ng tao batay sa kanyang pagkatao, sa lipunang kanyang ginagalawan, lugar na tinitirhan, panahon, katayuan, at okasyong dinadaluhan.

5. Naisusulat ang sariling bersiyon ng isang awiting-bayan sa sariling lugar gamit ang wika ng kabataan.

6. Nasusuri ang antas ng wika batay sa pormalidad na ginagamit sa pagsulat ng awiting-bayan.

**Sanggunian:**

Cruz, Isagani at Soledad S. Reyes. 1984. *Ang Ating Panitikan*. Manila: Goodwill Trading.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

a. **Pormal** – Ito ay antas ng wika na pamantayan at kinikilala/ginagamit ng nakararami.

- **Pambansa** – Ito ay ginagamit ng karaniwang manunulat sa aklat at pambalarila para sa paaralan at pamahalaan.

  Halimbawa:

  – asawa, anak, tahanan

- **Pampanitikan o panretorika** – Ito ay ginagamit ng mga malikhaing manunulat.

  Ang mga salita ay karaniwang malalim, makulay, at masining.

  Halimbawa:

  – kahati sa buhay

  – bunga ng pag-ibig

  – pusod ng pagmamahalan

b. **Impormal** – Ito ay antas ng wika na karaniwan, palasak, pang-araw-araw, at madalas gamitin sa pakikipag-usap at pakikipagtalastasan.

- Lalawiganin – Ito ay gamitin ng mga tao sa partikular na pook o lalawigan. Makikilala ito sa kakaibang tono o punto.

  Halimbawa:

  – Papanaw ka na ? (Aalis ka na?)

  – Nakain ka na? (Kumain ka na?)

  – Buang! (Baliw!)

- Kolokyal – Pang-araw-araw na salita. Maaaring may kagaspangan nang kaunti. Maaari din itong maging kagalang-galang ayon sa kung sino ang nagsasalita. Ang pagpapaikli ng isa, dalawa o higit pang titik sa salita.

  Halimbawa:

  – Nasan, pa' no, sa'kin, kelan

  – Meron ka bang dala?

- Balbal – Sa Ingles, ito ay *slang*. Nagkakaroon ng sariling *codes*, mababa ang antas na ito; ikalawa sa antas bulgar.

  Halimbawa:

  – *chicks* (dalagang bata pa)

  – *orange* (bente pesos)

  – *pinoy* (Pilipino)

**Karaniwang paraan ng pagbuo ng salitang balbal:**

1. Paghango sa mga salitang katutubo

Halimbawa:

- gurang (matanda)
- bayot (bakla)
- barat (kuripot)

2. Panghihiram sa mga wikang banyaga

Halimbawa:

- epek (effect)
- futbol (naalis, natalsik)
- tong (wheels)

3. Pagbibigay ng kahulugan ng salitang Tagalog

Halimbawa:

- buwaya (*crocodiles – greedy*)
- bata (*child – girlfriend*)
- durog (*powdered – high in addiction*)
- papa (*father – lover*)

4. Pagpapaikli

Halimbawa:

- paki – pakialam
- tiyak – tyak

5. Pagbabaliktad

• Buong Salita

Halimbawa:

- etned – bente
- kita – atik

• papantig

Halimbawa:

- dehin – hindi
- ngetpa – Panget
- tipar – Parti

6. Paggamit ng Akronim

Halimbawa:

- G – get, nauunawaan
- US – under de saya


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

7. Pagpapalit ng Pantig

   Halimbawa:

   - lagpak, palpak – bigo
   - torpe, tyope – torpe, naduwag

8. Paghahalo ng salita

   Halimbawa:

   - bow na lang ng bow
   - mag-JR (joy riding)
   - mag-gimik
   - mag-MU

9. Paggamit ng Bilang

   Halimbawa:

   - 45 – pumutok
   - 1433 – I love you, too
   - 50-50 – naghihingalo

10. Pagdaragdag

    Halimbawa:

    - isputing – puti
    - kulongbisi – kulang

11. Kumbinasyon

    - Pagbabaligtad at Pagdaragdag

      Halimbawa:

      - hiya – yahi – dyahi

    - Pagpapaikli at Pag-Pilipino

      Halimbawa:

      - Pino – Pinoy
      - Mestiso – Tiso, Tisoy

    - Pagpapaikli at Pagbabaligtad

      Halimbawa:

      - pantalon – talon – lonta
      - sigarilyo – siyo – yosi

- Panghihiram at Pagpapaikli

  Halimbawa:

  – security – sikyo
  – brain Damage – Brenda

- Panghihiram at Pagdaragdag

  Halimbawa:

  – get – gets/getsing
  – cry – crayola

Sipi mula sa http://teksbok.blogspot.com/2010/08/antas-ng-wika_6470.html (Mayo 27, 2014)

**4. Pagpapayaman**

Ipasuri ang kahulugan ng awiting bayan na "Ang Niyog" sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng kultura at paraan ng pamumuhay ng mga Bisaya. Maaaring magsagawa ng panayam ang mga mag-aaral tungkol dito.

**5. Pagpapalawig**

Magpasagawa ng pagsasalin ng awiting-bayan sa wikang Bisaya upang mabatid ng klase ang pagmamatuwid ng ideyang nakapaloob sa awiting bayan. Titiyakin ng klase kung ang awiting bayan ay sumasalamin sa tradisyon ng mga taga-Bisaya.

**C. Kongklusyon**

Tanungin ang kabuuang mensahe ng awiting bayan na "Ang Niyog."

**Takdang Aralin**

Magpagawa ng isang awiting-bayan na dugtungan na ginagamitan ng mga iba't ibang antas ng wika. Ang klase ay hahatiin sa limang pangkat. Ihandang itanghal ito sa klase.

**Rubrik sa Pagmamarka (Maaaring baguhin)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Sining at kaayusan | – | 40% |
| 2. | Angkop na sabitang gamit | – | 10% |
| 3. | Nilalaman | – | 30% |
| 4. | Melodiya ng awit | – | 20% |
| | Kabuuan | = | 100% |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikalawang Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan 5

## Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

**Aralin 5 – Dula**

**A. Panimula**

Magpanood ng isang *video* mula sa YouTube na may kinalaman sa pestibal ng Kabisayaan. Mamimili lamang sa mga YouTube *video* na ito.

- www.youtube.com/watch?v=NB2PqoCmpK0
- www.youtube.com/watch?v=44kSCzgXgys

Pagkatapos panoorin ang mga *video* sa YouTube, tatalakayin ang ganda at kalinangan ng pestibal na napanood para sa mga Kabisayaan.

Ipasagot ang mga tanong na ito sa mga mag-aaral:

- Ano ang kanilang interpretasyon sa tradisyon ng mga Bisaya?
- Ano ang ikinaiba nito sa ibang pagdiriwang sa Pilipinas?
- Bakit ito isinasagawa?
- Ano ang kanilang paniniwala tungkol rito?

**B. Katawan**

Talakayin ang bahagi ng kasanayang pampanitikan.

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Talakayin ang bahagi ng kasanayang pampanitikan.

Ang **dula** ay isang uri ng panitikan. Nahahati ito sa ilang yugto na maraming tagpo. Pinakalayunin nitong itanghal ang mga tagpo sa isang tanghalan o entablado. Ang tagpo sa dula ay ang paglabas-masok sa tanghalan ng mga tauhan. Ang mga taong dalubhasa sa larangan ng pagsusulat ng mga dulang itinatanghal ay tinatawag na mga mandudula o dramatista.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisusulat ng mag-aaral ang isang editoryal na nanghihikayat kaugnay ng paksa.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang mga tradisyong kinagisnan ng mga taga-Bisaya batay sa napakinggang dula.
2. Naibibigay ang sariling interpretasyon sa mga tradisyunal na pagdiriwang.
3. Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang iba-iba ang digri o antas ng kahulugan.
4. Napanood sa YouTube at natatalakay ang isang halimbawang pestibal ng Kabisayaan.

**Mga Sangkap sa Dula**

Ang dula ay mayroon ding mga sangkap. Ito ay ang simula, gitna, at wakas.

- Simula – Mamamalas dito ang tagpuan, tauhan, at sulyap sa suliranin.
- Gitna – Matatagpuan ang saglit na kasiglahan, ang tunggalian, at ang kasukdulan.
- Wakas – Matatagpuan naman dito ang kakalasan at ang kalutasan.

Hango sa tl.wikipedia.org/wiki/Dula

**Unang Pagbasa**

Magsasagawa ng pagsasadula ang mga piling mag-aaral ng klase.

**Miss Dolying**
ni Pio A. Kabahar
(Dulang Cebuano)

**Unang Yugto**

Umaga sa isang silid pagamutan. Sa gitna ng silid ay may anim na maliit na kama para sa mga pasyente. Sa kanan ay nakatayo ang lamesa ni Bb. Dolying at sa kaliwa, isang lamesang punong-puno ng botelya na may ibat ibang uri ng gamot.

**Unang Tagpo**

Bb. Dolying at Victor

Sa pagbubukas ng tabing, si Bb. Dolying ay nakaupo sa kanyang lamesa at pinapanood si Victor na nakadapa at nagsisigaw habang sinisindihan ang mga pira-pirasong papel, isa isa.

Victor: (habang sinusunog ang papel) Ha! Ha! Ha!

Nasunog na ang sulat ko sa aking kasintahan (Babangon at iiyak)

Ang aking kasintahan ay maganda! Walang hiya! Masamang ugali! Sinunog niya ang aking puso.

Dolying: (Lalapit sa kanya at iiling-iling) Kawawa naman! Victor, kilala mo ba ako?

Victor: Ha! Ha! Ha! (Aabutin ang kanyang kamay.)

5. Naisasagawa ang isang panayam kaugnay ng paksang tinalakay.
6. Nagagamit nang wasto ang angkop na mga pang-ugnay sa pagbuo ng editoryal na nanghihikayat.

**Sanggunian**

CrUz, Isagani at Soledad S., Reyes. 1984. *Ang Ating Panitikan*. Manila: Goodwill Trading.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

kilala kita! (hahalikan ang kanyang kanang kamay) Ikaw ang aking kasintahan. Ikaw ay maganda, ikaw ay isang nars, ikaw ang aking mahal. Hehehe! Ano, hindi ba? Sinungaling. Iiyak ako! Sinungaling ka.

Dolying: Kawawang nilalang. Tuluyan nang nasira ang kanyang isipan. Ayon sa doktor ay nabaliw siya dahil sa isang babae. Sa kanyang mga isinisigaw, maaaring siya'y naloko sa pag-ibig. Wala siyang nabanggit kundi ang tungkol sa kaniyang kasintahan. Nagtataka ako kung sino ang babaing naging dahilan ng kanyang pagkabaliw.


Victor: (Tatayo, parang takot) Nakikita ba ninyo? (nanginginig at parang may itinuturo) Hee! Siya ang aking kasintahan. Nahuhumaling siya sa akin. Ngunit (iiyak) siya ang nagsunog ng sulat ko. Nanginginig ang aking kamay. Sinunog niya ang sulat ko.

Dolying: Siya! Siya! Magpahinga ka na. Maupo ka upang hindi sumakit ang ulo mo.

*Excerpt* mula sa dula na *Ms. Dolying*

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Pasagutan ang *cline* na talahanayan sa mga mag-aaral. Ibigay ang kasingkahulugan ng salita batay sa pagpapasidhi ng kaantasan nito.




**3. Kasanayang Panggramatika**

Talakayin sa klase ang kasanayang panggramatika.

**Pangtanig** – ito ay bahagi ng salitang nag-uugnay ng isang salita o kaisipan sa isa pang salita o kaisipan sa isang pangungusap.

a. Pamukod – ginagamit upang itangi ang isa sa isa pang bagay

b. Paninsay o pasalungat – ginagamit kung nagsasaad ng pagsalungat

Halimbawa: subalit, datapwat, bagama't

c. Panubali o Panlinaw – nagsasaad ng panubali o pasakali

d. Pananahi – tumutugon sa tanong na bakit, nagsasaad ng kadakilaan

Halimbawa: sapagkat, dahil sa, palibhasa

Mula sa http://filipinotagalog.Blogspot.com/2011/10/ang-pang-ugnay.html#.U4UIGyguyno

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

**Mga Pang-ugnay na Nanghihikayat**

Ang **pang-ugnay na panghikayat** ay ginagamit upang iugnay ang mga salita sa loob ng pangungusap at talata na kung saan ay nagsasaad ng pagpapatotoo, pagpapatunay, o maaaring pagbibigay ng pasubali. Halimbawa nito ay ang totoo, tunay, talaga, pero subalit, at iba pa.

**4. Pagpapayaman**

Ipasuri ang konteksto ng dula at iugnay ito sa tradisyong kinagisnan ng mga taga-Bisaya.

**5. Pagpapalawig**

Magpasagawa ng isang panayam o interbyu tungkol sa kultura at paniniwala ng mga Bisaya sa larangan ng pag-ibig.

**C. Kongklusyon**

Tanungin ng guro ang kabuuang mensahe ng dula sa mag-aaral.

**Takdang Aralin**

Magpagawa ng isang editoryal na nanghihikayat na ginagamitan ng mga pang-ugnay tungkol sa kulturang Bisaya sa larangan ng pag-ibig. Maaari ring gamiting batayan ang pestibal ng mga Bisaya.

**Rubrik sa Pagmamarka (Maaaring baguhin)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Sining at Kaayusan | – | 40% |
| 2. | Angkop na Salitang Ginamit | – | 10% |
| 3. | Nilalaman | – | 30% |
| 4. | Pagpalutang ng Kultura | – | 20% |
| | Kabuuan | = | 100% |

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com